PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF ACTING PRESIDENTIAL SPOKESPERSON CABINET SECRETARY KARLO NOGRALES
JANUARY 28, 2022 (12:00 P.M. – 1:25 P.M.)

CABSEC NOGRALES: Magandang tanghali po sa ating mga kababayan at sa Malacañang Press Corps.

Umpisahan po natin ang ating press briefing ngayong Biyernes sa magandang balita. Patuloy po ang tiwala ng ating mga kababayan sa COVID-19 vaccine ayon sa pinakabagong datos na makikita po natin sa screen. Ayon sa pinakabagong Social Weather Station survey, apat sa limang Pilipino or 80% ang payag magpaturok ng booster shots; nasa seven percent lamang po ang ayaw magpa-booster, halos hindi nalalayo sa eight percent na ayaw magpabakuna laban sa COVID-19.

Tulad ng ating sinabi, dagdag proteksyon po ang COVID-19 vaccine sa ating lahat lalo na po sa mga vulnerable population.

As of January 27, 2022, nasa 7,034,817 na ang nabigyan ng booster doses. Epektibo, ligtas at libre po ang magpa-booster. Tandaan lamang na maaari nang magpaturok ng booster shots pagkaraan ng tatlong buwan mula sa inyong second dose ng AstraZeneca, Moderna, Pfizer, Sinovac at Sputnik vaccine, or at least dalawang buwan matapos mabigyan ng Janssen vaccine.

Muli pong nagpulong ang inyong Inter-Agency Task Force kahapon, January 27, 2022, at ito ang ilan sa mga desisyon, polisiya at aksyon na napagkasunduan: Simula ngayong araw, January 28, 2022, anim na lugar na na dating nasa Alert Level 2 ang inakyat po natin to Alert Level 3. Ito ang mga probinsiya ng Palawan, Camiguin, Davao Occidental, Dinagat Islands, Tawi-Tawi at Sulu. Sa nabanggit na mga probinsiya, magtatagal ang alert level na ito hanggang a-kinse ng Pebrero ngayong taon.

Sa mga nagtatanong kung anong alert level ang Metro Manila at iba pang mga siyudad at mga probinsiya, ito po ay masusing pinag-aaralan ngayon ng IATF. At tulad ng aking sinabi, maglalabas po kami ng desisyon ngayong weekend – paki-antabay na lamang po.

Mga kababayan, pansamantala namang sinususpinde ang Green, Yellow at Red classification ng mga bansa, teritoryo at jurisdictions. Ito ay base sa mga rekomendasyon ng Task Force on COVID-19 New Variants at Sub-Technical Working Group on Data Analytics: Effective February 1, 2022, the entry, testing and quarantine protocols for international arriving Filipinos and foreign nationals allowed entry into the country shall be as follows regardless of country of origin: Una, fully vaccinated international arriving passengers shall be required to present a negative RT-PCR test taken within 48 hours prior to departure from the country of origin. Upon arrival, they shall no longer be required to observe mandatory facility-based quarantine but instead shall self-monitor for any sign or symptom for seven days with the first day being the date of arrival. They shall also be required to report to the local government unit of destination

upon manifestation of symptoms if any. Inuulit ko po: Ito ay para sa mga fully vaccinated international arriving passengers.

Second, international arriving passengers must have the following proofs of vaccination against COVID-19 recognized under existing IATF regulations, these include: World Health Organization International Certificate of Vaccination and Prophylaxis; VaxCertPH or national state digital certificate of the foreign government which has accepted VaxCertPH under a reciprocal arrangement unless otherwise permitted by the IATF.

Meanwhile, for the unvaccinated, partially vaccinated or individuals whose vaccination status cannot be independently validated, they shall be required to present a negative RT-PCR test taken within 48 hours prior to departure from country of origin. They shall also be required to undergo facility-based quarantine until the release of their negative RT-PCR tests taken on the fifth day, after which they shall be required to undergo home quarantine until their 14th day with date of arrival being the first date. The local government units of destination and their respective Barangay Health Emergency Response Teams are tasked to monitor those arriving passengers undergoing home quarantine. In the case of children below 12 years of age who cannot be vaccinated, they shall follow the quarantine protocol of the parent or the accompanying adult or guardian traveling with them.

Sa mga nagtatanong: Paano naman iyong mga nagka-quarantine as of February 1, 2022? Ang sagot: Ang mga individual na nasa parehong sitwasyon ay maaaring mag-avail ng mga binanggit kong testing and quarantine protocols by February 1, 2022.

The IATF likewise approved the following recommendations of the Technical Working Group: First, effective February 10, 2022, fully vaccinated nationals of non-visa required countries under Executive Order #408 Series of 1960 as amended shall be allowed to enter the Philippines. They shall, however, be subject to the following conditions:

1.) Holders of passports valid for at least six months at the time of arrival and with return or outbound tickets to their country of origin or next country of destination.

2.) They must have the following proofs of vaccination against COVID-19 recognized under existing IATF regulations: World Health Organization International Certificates of Vaccination and Prophylaxis, VaxCertPH or national state digital certificate of the foreign government which has accepted VaxCertPH under a reciprocal arrangement unless otherwise permitted by the IATF.

3.) Children below 18 years of age are exempted from the requirement of full vaccination and providing proof of vaccination status prior to boarding.

4.) They shall observe the existing testing and quarantine protocols in place for fully vaccinated international arriving passengers as stated in Section B of this Resolution in all ports of entry.

5.) The list of non-visa required countries under Executive Order # 408 Series of 1960 as amended may be found at dfa.gov.ph/list-of-countries-4-21-day-visa.

6.) Fully vaccinated nationals shall not be included in the arrival quota set by the Department of Transportation and its one-stop-shop.

In addition to this, please note that as per IATF Resolution Number 157: Beginning February 16, only fully vaccinated foreign nationals will be allowed to enter the Philippines. Ulitin ko po, ang mga foreign nationals ay hindi papapasukin sa bansa kung hindi sila fully vaccinated.

Also, the IATF adopted the specific recommendations of the Sub-Technical Working Group on VaxCertPH. These include: One, all vaccination sites whether public or private are required to submit their data to the Vaccine Information Management System within 48 hours from the vaccination event; pangalawa, all vaccination sites whether public or private especially those without any electronic vaccine administration systems are strongly encouraged to use any of the following to facilitate processing of their vaccination line list data: DICT Vaccine Administration System (DVAS), DVAS mobile, and DVAS offline. pangatlo, all LGUs and its vaccination sites whether public or private, are enjoined to avail of the VIMS training materials found in iadapt.pdrf.org.

Sa usaping bakuna: Dumating noong Miyerkules ng gabi, January 26, ang mahigit isang milyon, that's 1,023,750 doses ng Pfizer vaccine na binili ng pamahalaan.

Samantala, nasa higit isanlibo or 1,060 transport workers at commuters ang ating nabakunahan mula Lunes, January 24, 2022 hanggang kahapon, January 27, 2022, sa ating We Vax as One mobile vaccination center ng Department of Transportation at MMDA sa PITX. Ipagpapatuloy po natin ang magandang initiative na ito sa iba't-ibang lokasyon na iaanunsiyo ng DOTr sa kanilang social media pages.

Sa kabuuan, nasa 125,670,146 ang total doses administered. Nasa mahigit 60.2 or that's 60.2 million na ang naka-first dose habang nasa mahigit 48.4 million ang naka-complete dose or fully vaccinated as of January 27, 2022 ayon sa National COVID-19 Vaccination Dashboard.

Pumunta naman po tayo sa COVID-19 update.

Ayon sa January 27, 2022 COVID-19 Case Bulletin ng Department of Health:

Nasa 18,191 ang mga bagong kaso ng COVID sa bansa. Sa bilang na ito, nananatiling mataas ang mild at asymptomatic na nasa 97.9% Nasa 35.2% naman po ang ating positivity rate habang nasa 92% naman ang porsiyento ng mga gumaling. Nasa mahigit 3.2 na po ang naka-recover.

Malungkot naman po naming ibinabalita sa inyo na kahapon ay mayroong 74 na pumanaw dahil sa coronavirus. Our fatality rate is currently at 1.54%, this is lower than the 2% global average.

Samantala, sa estado ng ating mga ospital: Nasa 41% po ang utilized ICU beds sa Metro Manila, habang 49% naman sa buong bansa; 39% ang utilized isolation beds sa Metro Manila, habang nasa 50% sa buong bansa; 47% ang utilized ward beds sa Metro Manila, habang 51% sa buong bansa; 26% ang utilized ventilators sa Metro Manila, 25% naman sa buong bansa.

Dito po nagtatapos ang ating opening statement. Bago tayo pumunta sa mga tanong ng mga kaibigan natin sa MPC, kausapin muna natin si Undersecretary Vergeire para sa latest sa pediatric vaccination at kung ano ang tama at proper ventilation.

Usec. Vergeire?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes. Maraming salamat po, CabSec. Nograles at magandang tanghali po sa inyong lahat.

Ngayong araw po, magbibigay lang kami ng kaunting impormasyon ukol po sa mga updates natin with regard to the government efforts for vaccination and the other measures to prevent COVID-19. [Can we have the slides, please? Next slide, please.]

So, let me begin by giving a quick overview of the COVID-19 situation here in the Philippines. Sa kasalukuyan po, katulad ng sabi ni CabSec. Nograles, mayroon po tayong 3,493,447 total cases sa ating bansa kung saan 226,521 or 6.5% lamang ang nananatiling aktibo.

Makikita rin po sa graph na ito ang mga kaso sa National Capital Region at sa NCR Plus areas ay unti-unti na rin pong bumababa, ganoon din sa ibang bahagi ng Luzon. Ngunit makikita din po natin na ang mga kaso sa Visayas at Mindanao ay unti-unti naman pong tumataas. Ganoon pa man, kahit mataas ang bilang ng mga kaso nananatiling karamihan sa mga ito ay walang sintomas o nakakaranas lamang ng mild or moderate na symptoms na maaari naman pong gamutin sa bahay.

Kung ihahalintulad po natin ang ating sitwasyon sa Delta experience noong September of 2021, hindi hamak po na mas mababa ang bilang ng mga kasong nagiging severe or critical ngayon. Noong Delta situation, nasa 36% ang severe at critical cases sa National Capital Region. Sa kasagsagan ngayon ng Omicron variant, bumaba na po ito at nasa 18% na lamang ngayon.

Nagpapatotoo po ito na ang ating mga bakuna ay epektibo sa pag-iwas sa hospitalization at sa pagkakaroon ng severe at critical na kalagayan. Kaya naman po ang publiko ay hinihikayat ng ating gobyerno na magpabakuna at magpaturok ng kani-kanilang mga booster shots sa lalong madaling panahon.

Ngayong hapon, narito rin po kami, ang Kagawaran ng Kalusugan para talakayin ang ilang mga reminders ukol sa pediatric COVID vaccination ng mga batang edad lima (5) hanggang labing-isang (11) taong gulang.

Narito po ang mabuting balitang handog ng Kagawaran ng Kalusugan.

Sisimulan na po ang pagro-rollout ng bakuna para sa ating pediatric population na may edad lima (5) hanggang labing-isang (11) taon sa darating na linggo at magsisimula ng February 4. Ngunit ipinapaalala po ng Kagawaran na nakadepende pa rin ang pagro-rollout ng pediatric vaccination sa pagdating ng mga supplies sa ating bansa.

Bakit nga po ba mahalagang magpabakuna laban sa COVID-19 ang ating mga nakababatang populasyon? Ayon po sa Philippine Pediatric Society at sa Pediatric Infectious Disease Society of the Philippine, bagamat lumalabas na less severe ang COVID-19 cases sa pediatric age, maaari pa rin po silang mahawaan ng COVID-19 na maaaring makapagresulta sa hospitalization or admission sa intensive care unit. Kaya naman po, kinakailangan pa rin silang maging protektado laban sa virus.

Para naman po sa mga kabataang may karamdaman o comorbidities, mas mataas po or 1.8 times ang risk na sila po ay tamaan ng malubhang COVID-19 na maaaring mangailangan ng intensive care; habang 2.8 times naman po ang risk ng maaaring maging sanhi ng pagkamatay dahil po sa pagkakahawa sa virus.

At gaya po ng COVID-19 vaccines para sa adults at adolescents, ang pediatric vaccines ay ligtas, epektibo at higit sa lahat, libre po na ibibigay sa inyo ng ating gobyerno. Kaya sa atin pong mga magulang, wala po kayong dapat ipangamba at agaran ninyo na pong iparehistro ang inyong mga anak upang sila po ay mabakunahan na.

Bilang ito pa lamang po ang brand na mayroong Philippine FDA Emergency Use Authority, iyong Pfizer BioNTech ang bakunang ituturok natin sa ating pediatric population edad lima (5) hanggang labing-isa (11). Kahit parehong Pfizer po ang brand ng vaccine na ibinibigay sa mga twelve (12) to seventeen (17) years old at five (5) to eleven (11) years old, magkaiba po ang formula ng bakuna para sa kanila. Para siguradong tama ang bakunang ituturok, magkaibang kulay ang takip ng mga bote ng bakuna.

Muli, ang mga bakuna ay ligtas para sa ating mga nakakabatang populasyon. Ginagamit na rin po sa ibang bansa ang mga bakunang ito kung saan makikitang mataas po ang efficacy rate laban sa COVID-19.

Next slide. Muli, huwag po tayong mangamba sa ating bakuna dahil ang adverse event or reaction following immunization ay madalang po or very rare. Ngunit kahit na ganoon, asahan pa rin po natin na magkaroon ng mild side effect ang ating mga bakuna.

Batay sa isang pagsusuri sa United States, ang COVID-19 vaccine para sa 5 to 11 years old ay may 91% efficacy. Lumabas din po sa nasabing pag-aaral na walang malubhang side effect ang COVID-19 vaccines ngunit kagaya po ng nabanggit maaari pa rin pong magkaroon ng minor side effects. At anu-ano po ba ang mga ito? Gaya lang po sa pagbabakuna para sa nakakatanda, maaari pong makaramdam ang ating mga kabataan ng pananakit o pamumula ng injection site; pagkapagod or fatigue or ang pananakit ng ulo. Ito po ay normal at karaniwang nawawala rin sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw.

Muli, pinapaalalahanan po natin ang publiko na bihira lamang po ang mga malalang side effect dahil sa COVID-19 vaccine at kung mayroon man ay gumagaling din po ang mga kabataang nakakaranas nito at bilang maaaring makaramdam ng mga sintomas sa mga bata matapos mabakunahan. Maaari na silang alagaan ng kanilang mga magulang sa kanilang mga tahanan kung mild lamang po ang magiging sintomas. Inaasahan po natin na tatagal lamang ito ng hanggang mga dalawang araw o tatlong araw.

Kung ang inyong anak ay hindi makakaranas ng sintomas huwag po kayong mag-alala dahil epektibo pa rin po ang bakuna kahit walang sintomas na maramdaman pagkatapos bakunahan.

Kung makakaranas naman po ng sintomas, kinakailangan lamang nilang magpahinga at painumin ng maraming fluids. Maaaring painumin din po ng paracetamol ang mga bata pagkatapos mabakunahan kung mararamdaman ang sintomas. Ibigay lamang ang paracetamol kung makakaramdam ng sintomas ang inyong anak.

Tandaan po na ang doses ng paracetamol ay nakabase sa timbang ng bata. Kaya po hindi nirirekomendang magpainom ng Aspirin para sa lagnat dahil sa dosage nito. Kung sakaling hindi humuhupa ang lagnat, tawagan ninyo po ang hotline na ibibigay sa inyo ng health center matapos magpabakuna para maipakonsulta po natin sa doktor or sa ating primary care physicians.

Kaugnay po sa mga paalala kanina, ang COVID-19 vaccination para sa 5 to 11 years old ay ia-adopt sa pamamagitan ng phased implementation batay sa National Vaccine Operation Center. Mag-uumpisa po ang roll out ng mga bakuna sa NCR simula sa February 4. Ngunit pinapaalala po ng Kagawaran ng Kalusugan na nak-depende po ang pagro-roll out ng pediatric vaccinations sa pagdating ng ating mga supply dito sa bansa.

Ito po ay ia-adopt mula sa kung paano ni-roll out ang pagbabakuna sa ating 12 to 17 years old. At dahil naging matiwasay ang pagbabakuna natin sa ating mga kabataang, inaasahan po nating smooth din ang proseso sa ating mas nakakabatang populasyon.

Sa umaga po ng February 4 ay sisimulan natin ang launching ng pediatric vaccination sa ating mga DOH hospitals tulad ng National Children’s Hospital, Philippine Children’s Medical Center at Philippine Heart Center. Sa hapon naman po, maglo-launch tayo sa iba’t-ibang area sa Metro Manila kasama na rin po sa Manila Zoo.

At upang mas maging mabilis po ang pagbabakuna, inaabisuhan po natin ang mga magulang na magpa-schedule na sa kanilang mga local government o sa pinakamalapit na vaccination centers.

Narito po ang ilang paalala para sa kanilang vaccination day:

· Kinakailangan may kasama po silang magulang o kaya guardian no iyong mga batang magpapa-bakuna.

· Dadalhin po ang birth certificate or ‘di kaya baptismal certificate or ibang dokumento na magpapatunay ng relasyon ng kasama sa batang babakunahan.

· Kinakailangan din pong magdala ng ID na may litrato ang parent or guardian at ang batang babakunahan.

· Kung sakaling hindi makakasama ang mga magulang ng bata, kinakailangan din magdala ng special power of attorney or SPA ang kasama ng batang magpapabakuna.

· Kung wala pong SPA, maaring magdala ng notarized authorization letter or affidavit.

· Kung wala pang kakayanang magpanotaryo, maaaring humingi na lang ng barangay certification na pirmado ng inyong barangay captain.

Hinihikayat po naming iwasan ang pagwo-walk-in at magparehistro upang maiwasan ang pag-o-over crowd sa ating health center na maaring magdulot ng pagkalat ng virus.

Paalala rin po kahit wala sa lugar ng bakunahan. kinakailangan natin sumunod sa minimum public health standards gaya po ng pagsusuot ng face mask at physical distancing, hindi lamang ng ating mga sarili kung hindi pa rin po doon sa mga taong nakapaligid sa atin.

Maliban po sa COVID-19 vaccine, kinakailangan pa rin pong mabakunahan ang ating mga kabataan laban po sa ibang sakit. Kinakailangan mabakunahan ang ating mga sanggol hanggang edad dalawang taong gulang laban sa tuberculosis, hepatitis-B, diphtheria, tetanus or pertussis pneumonia, meningitis, hepatitis, polio at measles at mumps. Kinakailangan din ng routine vaccination for school aged children or mga batang may anim na buwan hanggang pitong taon at labindalawang taon hanggang labintatlong taon para sa tigdas, German measles, tetanus at diphtheria.

Kung sila naman po ay nabakunahan na laban sa COVID-19 mainam po na mag-antay ng labing-apat na araw o dalawang linggo bago po magpabakuna para sa ibang sakit upang maayos po nating ma-monitor ang anything na magre-reaction ng katawan mula sa bakuna or vice versa. Puwede pong iklian ang interval ng mga bakuna kung ito ay naaayon sa rekomendasyon ng doktor.

Bagama't maaari nang bakunahan ang mga kabataan na edad 5 to 11 years old, may mga kabataang bahagi ng age group na ito ang hindi pa advised na bakunahan. Anu-ano po ba ang dahilan kung bakit hindi pa sila maaaring maturukan ng COVID-19 vaccines? Ang mga kabataang kasalukuyang nagka-quarantine or nag-a-isolate dahil sa COVID ay hindi pa maaaring mabakunahan. Ganoon din po ang mga kabataang mayroong allergies sa ilang ingredients ng COVID-19 vaccine, kagaya po polyethylene glycol at polysorbate. Nirerekomenda po ng Kagawaran ng Kalusugan na kayo po ay kumonsulta muna sa inyong mga physicians kung ang inyong anak ay mayroong allergies or comorbidities bago po kayo magpaturok ng COVID-19 vaccine para masiguro po natin ang kanilang kaligtasan.

Muli po ang mga bakuna ay ligtas at epektibo. Ang pagbabakuna sa ating nakababatang populasyon ay magbibigay ng proteksiyon sa ating buong pamilya. Kaya agad na po nating pabakunahan ang ating mga kabataang eligible na sa lalong madaling panahon pagdating po ng ating mga bakuna.

Narito naman po ilang paalala ukol sa internal doses ng primary series vaccines at update sa latest administration ng booster doses: Pinapaalalahanan po ang lahat na kinakailangang mayroong 21 hanggang 28 days na pagitan ang first at second dose ng inyong bakuna. Nililinaw po ng ating Kagawaran na matapos ang 28 days or four weeks, maaari nang maturukan ng second dose ang sinumang naturukan ng AstraZenaca bilang primary shot; 28 days na pagitan din kung Covaxin, Moderna or Sinovac ang inyong bakuna; 21 days naman po ang pagitan kung

Pfizer or Sputnik ang bakunang naiturok sa inyo, habang isang turok lamang kung Janssen o Sputnik light ang inyong bakuna.

Muli, hinihikayat natin ang lahat upang maging protektado ay magpabakuna. Magparehistro po tayo at agarang tumungo sa ating vaccinations sites. Allowed po ang walk-in sa ating mga regular vaccination sites para sa primary series at booster doses.

Sa usapin naman po ng booster shots, magandang balita po ang nais naming iparating dahil po para sa mga individual na Sinopharm ang pangunahing bakunang natanggap, puwede na po kayong kumuha ng inyong booster shots. Nabigyan na po ito ng Emergency Use Authority or EUA ng FDA at guidance from our National Vaccine Operation Center. Ganoon din, maaari nang iturok ang Sputnik Light bilang booster shot matapos ang primary series doses.

Paalala lamang po na ang eligible pa lamang sa ating booster shots ay ang mga 18 years old at pataas. Amin din pong nililinaw na ang mga nabanggit na booster doses ay nakadepende pa rin sa available vaccines sa inyong mga vaccination sites o sa mga local government. Nais po nating bigyan-diin ng DOH na hindi po puwedeng i-booster sa mga buntis at nagpapasusong ina ang Sinopharm at Gamaleya Sputnik.

Pinapaalalahanan po namin ang publiko na ang lahat ng bakunang ginagamit sa bansa ay sumailalim sa masusing pag-aaral. Lahat po ito ay nabigyan ng Emergency Use Authority at aprubado ng FDA. Makakaasa po kayo na ang mga bakunang ito ay ligtas at epektibo para sa COVID-19.

Ngayon naman po, magtungo tayo sa usapin ng pagbibigay o pagdo-donate ng dugo pagkatapos makatanggap ng COVID-19 vaccine: Nais po naming linawin na ang impormasyong bawal mag-donate ng dugo ang mga nakakapagbakuna laban sa COVID-19 ay walang katotohanan. Sa katunayan po, kahit sinong bakunado ng COVID-19 ay maaaring mag-donate ng dugo kahit na sila po ay walang sintomas. Kung may sintomas naman ay maaari pa ring mag-donate ng dugo matapos ang pito hanggang labing-apat na araw, pagkatapos gumaling o mawala na ang sintomas. Lahat po ng ating bakuna ay ligtas at hindi po ito nakakaapekto sa pagbibigay ng dugo. Pinapaalalahan po ang publiko na maging responsable sa pagpapakalat ng impormasyon sa social media.

Ganoon din ay pinapaalalahan namin ang lahat na palagiang mag-verify ng mga nababasang balita o kumuha lamang ng impormasyon sa mga official accounts ng gobyerno at reputable and credible media organizations. Let us be mindful of the information we share. Misinformation can mean life or death. Accurate, timely information will save lives.

Sa ngayon po mayroon tayong kakulangan sa supply ng dugo sa atin pong mga blood centers. Nananawagan po kami sa ating publiko na kung kayo po ay eligible, kayo po ay maaaring mag-donate ng dugo para po sa mga nangangailangan nating kababayan. Narito po sa ating slide ang mga criteria sa pagdo-donate ng dugo. Kung nais po ninyong mag-donate ng dugo, marami po tayong blood donation centers. Maaaring makita ang listahan sa ating website na nandiyan.

Bukod sa makakatulong ang inyong dugo sa pagligtas ng buhay, marami rin pong benepisyo para sa inyo ang pagdo-donate ng dugo. Kabilang na po diyan ay ang pagbaba ng risk of heart attack, pagtulong sa pagpapanatiling malusog ang inyong atay at nakakatulong din pong ma-improved ang inyong cardiovascular health.

Muli po inaanyayahan po namin kayong magbigay ng dugo sa ating blood centers. Malayo po ang mararating ng tulong na ito para sa ating mga kababayang nangangailangan.

At bago po tayo tumungo sa ating huling paalala, pag-usapan po natin ang mga hakbang para lalong maprotektahan sa COVID-19.

Ayon po sa WHO kumakalat ang COVID-19 virus sa pamamagitan ng airborne particles at droplets. Pero dahil po sa ating minimum public health standards, kagaya ng wastong pagsusuot ng facemask at madalas na paghuhugas ng kamay upang maging less ang droplets spread at pagpa-practice naman po physical distancing at paninigurong mayroong proper ventilation upang mabawasan ang airborne spread.

Nais po naming linawin ang proteksiyon buhat ng proper ventilation at air flow. Mahalaga po ito upang maiwasan ang COVID-19 infection dahil mabilis kumakalat ang virus indoors lalo na sa mga saradong lugar na walang hanging pumapasok. Ang proper ventilation ay kinakailangan para sa pagpasok ng sariwang hangin galing sa labas at paglabas ng hanging nakulong sa loob.

Paano nga ba masisiguro ang proper ventilation, buksan po natin ang bintana o pintuan ng ating bahay upang pumasok at magkaroon ng pagdaloy ng hangin. Kung bintana lamang po ang maaaring buksan, puwede po itong tapatan ng bentilador na nakaharap palabas. Kung masyado naman pong mainit para iwanan ang pinto o bintanang nakabukas, siguraduhin lamang po na binubuksan ang mga ito ng ilang minuto bawat oras para makapasok ang sariwang hangin. Siguraduhin po nating maroong good ventilation sa lugar na pinupuntahan kung makikipagkita tayo sa ating mga kamag-anak, kaibigan o kaopisina.

Ayon po sa mga pag-aaral, nababawasan ang banta ng pagkahawa ng COVID-19 kung nalilimitahan ng hanggang isang oras ang interaksiyon sa ibnag tao sa pampublikong lugar. Kung hindi rin po talaga maiiwasang makihalubilo, siguraduhing mayroong isang metrong physical distance at ganoon din ang tamang pagsuusot ng mask. Kung maaari, upang ang virus ay maiwasan, bawasan po natin ang pakikipagkuwentuhan. Muli pinapaalala po natin sa lahat na sumunod ng minimum public health standards kagaya po ng pagkakaroon ng proper ventilation.

Narito naman po ang mga paalala natin para sa ating mga kababayan: Bagama’t karamihan sa mga kasong naitala ay mild or asymptomatic sa Visayas at Mindanao, kinakailangan pa rin po nating maging vigilant at sundin ang ating mga health protocols dito sa NCR at sa NCR Plus areas.

Para naman po sa ating mga kababayan sa Visayas at Mindanao, huwag po tayong mangamba, huwag po tayong mag-panic dahil sa ating mabilis na pagbabakuna at patuloy na pagsunod sa health protocol, mapipigilan po natin ang pagkalat ng virus at ganoon din, nagsisilbi itong tulong sa ating mga ospital upang hindi po mapuno ang ating mga capacity. Sa maraming paraan

kumakalat ang COVID-19, ngunit mas marami tayong mga paraan upang maproteksiyonan natin ang ating sarili.

So pinapaalala pa rin po natin na ang bakuna ay ligtas at garantisadong epektibo at sana po lahat na po tayo ay magpabakuna. Iyon pong reformulated vaccines para sa ating five (5) to eleven (11) years old ay napatunayan ding ligtas at epektibo. Ang mga batang hindi pa bakunado ay kinakailangan po munang manatili sa kani-kanilang tahanan dahil sila po ay considered vulnerable sa infection at transmission galing sa virus. Ngunit dahil nga po sa pagbabakunang magaganap sa susunod na linggo, mas magiging protektado na po sila at puwede na silang gumawa katulad ng pagpasok sa eskuwelahan at paglabas kasama ng kanilang mga magulang. Ganoon din pinapaalala na po ng kagawaran, mild lang po ang reactions ng mga bakuna sa ating mga bata, kagaya rin po ng mga reaction sa ating mga nakakatanda.

And finally, wala pong katotohanan na may negatibong epekto ang COVID-19 vaccines sa ating dugo at lalong walang katotohanan na hindi na maaaring mag-donate ng dugo ang nakatanggap ng bakuna. Kung asymptomatic matapos magpabakuna, maaari nang agarang mag-donate ng dugo. Hinihikayat ng kagawaran ang publiko na mag-donate ng dugo kung maaari pa rin para masiguro natin may supply tayong magagamit para sa ating mga kababayang nangangailangan.

At bilang panghuli, good ventilation is an easy way to prevent the spread of airborne COVID-19. At para masiguro ang good ventilation, kung maaari buksan ang mga bintana at at itapat ang bentilador sa ating bintana at kung hindi maaaring buksan ang bintana ng maghapon, siguraduhin nabinibuksan lang ilang minute kada ilang oras.

Muli po mag-ingat tayong lahat at ating tandaan na ang Pilipinong masunurin sa minimum public health standards at may tiwala sa bakuna ay may malasakit sa masa.

Maraming salamat po at over to you, Cabsec.

CABSEC NOGRALES: Maraming, maraming salamat, USec. Vergeire. At sa mga katanungan naman mula sa ating mga kaibigan sa Malacañang Press Corps, tumungo naman po tayo kay Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Thank you, CabSec. Magandang hapon po pati kay Usec. Vergeire. CabSec/Usec. Vergeire, uunahin ko na po itong mga follow up questions dahil sa presentation ninyo ano, hinabol po ito ng Malacañang Press Corps to complete their stories.

Mula po kay Johnna Villaviray ng Asahi Manila, kung tama daw po ba ito: We are now allowing fully vaxxed non-Filipinos to enter the Philippines as long they come from non-visa required countries? Tourists are now allowed? Similar question po ‘yan ni Leila Salaverria at ni Dreo Calonzo na nagtatanong din: Kung essentially allowed na ang international tourism? Same with Maricel Halili.

CABSEC NOGRALES: February 10 po magiging effective iyong pinapayagan na nating pumasok ‘no ang foreign nationals coming from countries na under sa EO 408 Series of 1960.

So para step-by-step ‘no: Una sa lahat, simula February 1, hindi na po tayo magka-classify ng red, yellow at green countries ‘no kasi inaasahan natin every a-uno nagka-classify tayo ng red, yellow at green. So wala na pong red, yellow at green country classifications simula February 1, 2022.

Pagdating naman po ng February 10, 2022, itutuloy na po natin iyong pagpayag nating pumasok sa bansa ang foreign nationals for business and tourism purposes as provided for under EO 408 Series of 1960. Kung matatandaan po natin noong IATF Reso 150-A po natin, dapat sinimulan na po natin ito noong December 1, 2021 kung matatandaan ninyo pero sinuspend po natin pansamantala. So this now will start on February 10, so by February 10 itong pagpapapasok basta iyong mga under sa EO 408 beginning February 10, 2022 basta fully vaccinated.

So fully vaccinated foreign nationals beginning February 10 as long as they come from countries as provided for under EO 408 Series of 1960 – ito ‘yung mga non-visa required countries.

USEC. IGNACIO: Opo. For Usec. Vergeire mula po kay Carolyn Bonquin ng CNN Philippines: May we know bakit daw po—why health officials agreed to forego the facility-based quarantine of fully vaccinated travellers as announced by Secretary Nograles today?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, Usec. Rocky. Magandang hapon po sa inyo. Ito po ay base sa pag-aaral ng ating Inter-Agency Task Force on COVID-19 Variants. Unang-una po, naipakita po noong phylogenetic analysis na sinagawa ng Philippine Genome Center na iyon pong mga returning overseas Filipinos who had been detected ‘no with this Omicron variant, wala pong naging forward transmission. Ibig sabihin ng ‘forward transmission’, hindi po nanggaling sa karamihan ng ating returning overseas Filipinos ang mga pagka-community transmission natin sa ating komunidad. Dahil nakikita po natin katulad noong naipresenta natin, BA.1 mostly are returning overseas Filipinos at iyong sublineage ng BA.2 ang predominant sa ating local cases.

Pangalawa po, nakita rin po base sa pag-aaral ng ating Epidemiology Bureau ng DOH, mababa po ang kaso ng ating mga returning overseas Filipino—mababa ang incidents na nagpupositibo sila ‘no kumpara sa komunidad.

At pangatlo, ang sinasabi ng ating mga eksperto, it doesn’t make sense anymore because iyon pong transmisyon dito sa ating bansa ay napakataas na – baka mas mataas pa doon sa mga pinagbabawalan natin na mga travellers coming from other countries.

So dahil po diyan sa mga premise na ‘yan, atin pong nairekomenda na i-ease na natin iyong restrictions pero hindi po natin kailangan mangamba dahil ‘pag tiningnan natin iyong 4-door policy natin, ang pinakauna po doon sa 4-door policy is border control. Iyong border control po natapos na tayo doon kasi ginagawa natin iyon to prevent the entry of Omicron variant. But now that there is already community transmission, we should move toward doors 2, 3 and 4 kung saan papalakasin po natin ang ating efforts at interventions sa komunidad na po.

So iyon po ‘yung mga naging basehan kaya po nairekomenda natin ito sa IATF at ito naman po ay naaprubahan.

CABSEC NOGRALES: [Off mic] po kayo, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Okay. Thank you, CabSec. Mula po kay Carolyn Bonquin ng CNN Philippines pa rin: Usec. Vergeire, ano daw po ang vaccination status ng mga namatay sa Omicron?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, Usec. Rocky, 'no. So currently we already have 5 deaths among those detected with Omicron. Doon po sa limang namatay na iyon, lahat po sila ay may comorbidities o 'di kaya ay mga nakakatanda or senior citizens. Doon po sa vaccination status, dalawa po – isa partially vaccinated only, iyong isa hindi bakunado; iyong tatlo po, until now we are still verifying and getting information on that.

USEC. IGNACIO: Opo. For Usec. Vergeire pa rin po mula kay Carolyn: May update na po ba sa tulong para sa mga dialysis patients na hirap makahanap daw po ng dialysis centers and samahan ng dialysis for COVID patients? Triple daw po kasi ang presyo versus regular dialysis 'pag COVID patient ang magda-dialysis.

DOH USEC. VERGEIRE: Yes po, Usec. Rocky, 'no. Noong weekend po, over the weekend pinatawag ho natin ang ating network of hospitals pati na rin po 'yung mga piling mga dialysis centers dito sa National Capital Region. We did strategy for quadranting already – ang ibig sabihin po ng quadranting – hindi lamang po dapat iisa. Halimbawa NKTI madalas nagpupunta ang ating mga pasyente for dialysis, mayroon na ho tayong mga tinalaga sa bawat quadrant sa Metro Manila kung saan puwede silang tumanggap ng COVID-19 patients na puwedeng mag-dialysis.

Atin na rin pong nakapagbigay ng komunikasyon sa PhilHealth para mapagana na po ito pong mga packages natin especially for COVID-19 patients who are undergoing dialysis. So lahat po ito ay ginagawa natin ngayon so that we can ease the burden among our hemodialysis patients po.

USEC. IGNACIO: Opo. From Marichu Villanueva ng Philippine Star. CabSec, may pahabol lang po; clarification lang po: Ano daw po 'yung sinabi ninyong—what is the effective on February 16 as Secretary Nograles also mentioned?

CABSEC NOGRALES: Yes. Kung matatandaan ninyo based on IATF Resolution Number 157, beginning February 16, only fully vaccinated foreign nationals ang papayagan na nating pumasok sa bansa.

So again 'no, February 1, wala na po iyong classification ng red, yellow, green; February 10 mag-uumpisa iyong pagpapasok ng fully vaccinated from countries who belong under EO 408; then February 16, ang tanging makakapasok lamang na foreign nationals sa bansang Pilipinas ay fully vaccinated po.

USEC. IGNACIO: Opo. For Usec. Vergeire from [garbled] ng UNTV and kay Secretary Nograles din daw po: Ano ang pananaw sa panukala ni Presidential Adviser Joey Concepcion

and OCTA sa sinasabi na simulan na daw po ng pamahalaan ang pagsasagawa ng pandemic exit plan? Ayon po sa kanila, past international travel protocols should be reinstated.

CABSEC NOGRALES: Ito na nga po 'yung ina-announce natin, the latest protocols for international arriving passengers based on this IATF resolution.

USEC. IGNACIO: Thank you, CabSec. Ang susunod pong magtatanong via Zoom, si Mela Lesmoras ng PTV.

CABSEC NOGRALES: Yes, Mela?

MELA LESMORAS/PTV: Good afternoon, CabSec Nograles, Usec. Vergeire at Usec. Rocky. Secretary Nograles, unahin ko lang po 'no regarding sa alert level system at ito ngang pinagaang protocol para sa ating mga biyaherong pupunta sa Pilipinas. Dahil nga may mga okasyon na ring palapit sa bansa like Chinese New Year, Valentine's Day at may mga ilang nag-iisip na pagaan na rin iyong restriction sa NCR. Paano po kaya natin maiiwasan, ano po iyong mga IATF measures po para hindi na magkaroon ulit ng surge at hindi maulit iyong nangyari ngayong pagsisimula ng taon sa atin? Paano po natin mai-ensure na hindi pa rin dadami iyong kaso kahit lumuluwag na ulit iyong mga patakaran?

CABSEC. NOGRALES: Well, una sa lahat, sundin natin iyong alert level systems. Mag-a-announce kami ng alert level system this weekend, para malaman kung ano iyong protocols na susundin natin in the different localities sa buong bansa, number one.

Number two, over and beyond that iyong patuloy nating pagri-remind sa lahat na dapat memorize na memorize na po natin ano, iyong mask, hugas, iwas bentilasyon, bakuna, lahat po iyan ay kailangan sundin natin. At kasama diyan sa mga reminders na binanggit at pinakita ni Usec. Vergeire katulad na lamang ng tamang bentilasyon. And then of course, iyong mga local government units are also imposing their own measures. Tulad ng ibang mga LGUs na mayroon na pong pinapalabas na mga issuances, katulad na po ng Manila City with regard to their own prevention measures dito sa mga auspicious dates na ito. Usec. Vergeire, would you like to add?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes po, CabSec. So, tama po, I second kung anuman po ang sinabi CabSec Nograles. Gusto ko lang po ipaalala na katulad noong sinabi ko kanina, we have a four-door the strategies that we employ. So, kung hindi man po natin binibigyan ng restrictions ang pagpasok ng ating incoming travelers, hindi naman po tayo nagluwag doon sa doors two, three and four.

Ibig sabihin, hindi na po tayo magkakaroon ng ganoong restriction sa borders natin, pero pagpasok nila ng local government, nandiyan na po ang ating mga isasagawang mga restriction. Katulad niyan, hindi naman po porke pumasok na sila at wala ng quarantine ay hindi na po natin sila imo-monitor. Sila po ay mag-o-observe pa rin ng kanilang sarili at kailangang mag-report sa local governments nila, para po atin pa ring ma-oversee ito pong mga pumapasok na travelers.

At pangalawa iyong community interventions, katulad ng mga sinabi CabSec Nograles ay ipapatupad pa rin natin ng maayos.

What could be most important right now would be iyon pong kakayanan ng bawat pamilya to self- regular. Kakayanan ng bawat pamilya na pag-isipang maigi, gusto ba nating mag-party at mag-reunion o hindi na lang, mag-virtual. So, it will all boil down also doon sa tulong ng ating komunidad as we go and move forward na medyo nag-i-ease tayo ng restrictions, kailangan iyong tulong po ng mga kababayan for us to better prevent the infections among our communities who should be there.

MELA LESMORAS/PTV: Opo. And back to Secretary Nograles lang po. Another follow up regarding doon sa magiging bagong travel restrictions. Sa IATF naman po, ano iyong naging talakayan ninyo sa magiging good side naman nito sa tourism at economy?

CABSEC. NOGRALES: Yes. Makakabangon na po ang tourism industry at makaka-contribute ito ng malaki sa trabaho, kabuhayan, economic growth ng ating bansa. At iyong laging sinasabi ni Secretary Berna sa Department of Tourism 'no na almost 100% of our tourism workers are fully vaccinated na po. At iyong papapasukin natin na mga foreign nationals ay dapat fully vaccinated na rin po. At ang patuloy nating panawagan sa lahat ng mga lokalidad, especially the localities na gustong i-pursue din ang tourism sa kanilang mga lugar, dahil malaking bahagi din po ang turismo sa kanilang ekonomiya, local economy ay talagang isulong rin po nila na ang kanilang mga constituents ay maging fully vaccinated na rin po.

Kapag fully vaccinated ang tourism workers, ang ating mga empleyado, ang mga workers natin sa facilities, fully vaccinated ang ating mga bisita at fully vaccinated ang communities natin, kaya nating labanan itong COVID at kung anumang variant ito.

MELA LESMORAS/PTV: Opo. Panghuling question na lang po Secretary Nograles for Usec. Vergeire po. Usec. Vergeire tanong lang po ng aking kasamahang si Mark Fetalco: DOH reaction lang po sana daw on OCTA statement saying possible na bumaba na sa moderate risk ang COVID-19 situation sa NCR sa susunod na linggo. And what is really the situation now in NCR, also in areas outside NCR?

CABSEC. NOGRALES: Yes. Unang-una, Mela moderate risk na po ang NCR kahapon pa. Baka nahuhuli lang tayo doon sa ating mga ginagawang istimasyon. Bumaba na po nang husto ang ating mga kaso at nakarating na tayo sa moderate risk case classification.

Iyon naman po sa ibang lugar, katulad po ng aking naipahayag kanina, atin pong nakikita na even in the NCR Plus areas katulad po ng Cavite at saka ang Laguna, napunta na rin po sila sa moderate risk. Mayroon na lang po tayong mga binabantayan ngayon, especially ang Visayas and Mindanao na ngayon natin nakikita iyong pagtaas ng kaso. Specific, talagang mataas ang kaso ngayon - Region VII, Region VI, Region XI.

MELA LESMORAS/PTV: Okay. Maraming salamat po, Usec. Vergeire, CabSec Nograles and Usec. Rocky.

CABSEC NOGRALES: Thank you, Mela. Back to you, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Yes. CabSec pasensiya na, mayroon pa rin pong clarification ang ating kasamahan sa media. Dahil sa presentation po ninyo. From Celerina Monte ng NHK: Iyon daw pong February 16 na fully vaccinated na puwedeng makapasok, kung pareho daw pong Filipinos or foreign national from non-visa required countries o including non-visa required countries? If so, kahit Pilipino ka and you are not fully vaccinated coming from abroad, hindi papapasukin sa sariling bansa, tama po ba ito?

CABSEC NOGRALES: Hindi po. Kung Pilipino papapasukin natin sa bansa. Iyong sa February 10, under EO 408, nakalagay po sa ating IATF resolution na ang tanging papapasukin lamang ay fully vaccinated. Under iyong sa mga galing sa non-visa required countries, under EO 408, fully vaccinated lamang po ang papapasukin natin na foreign nationals.

Pagdating sa Feb. 16, absolutely, whether EO 408 or whether non-EO 408 or whether ito iyong mga foreign nationals na for certain exemptions natin, because of their expertise or their technical expertise or knowhow na binibigyan natin ng pahintulot na pumasok, basta absolutely, by Feb. 16 ang puwede lamang pumasok na foreign nationals ay fully vaccinated po lamang.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong po mula kay Rosalie Coz ng UNTV: Ano daw po ang reaksiyon ng Palasyo sa pagiging huli na naman ng Pilipinas sa Bloomberg COVID-19 Resilience Ranking? Ito na po iyong pangatlong beses na may pinakamababang score ang Pilipinas sa 53 na bansa kaugnay ng pagtugon sa pandemya. Similar question with Maricel Halili of TV5.

CABSEC NOGRALES: Siguro ang pinakamagandang indicator ng Resilience ay iyong ating economic growth. Ang economic growth ng bansang Pilipinas for fourth quarter ng 2o21, 7.7% po economic growth. Full year 2021, 5.6% economic growth. And ang forecast for economic growth ng 2022 ay 7% to 9% according to the DBCC natin, and respected institutions like Standard Charter Forecast Economic growth for the Philippines at 7.5% in 2022, and Goldman Sachs ang forecast nila para sa bansang Pilipinas for 2022 economic growth is 7.1%. So, let the numbers speak for themselves. That is the clearest indication of the resilience of the Philippines amidst the COVID-19 pandemic.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong follow up po niya: Kumpiyansa po ba kayong uusad pa ang bansa sa mas mataas na puwesto sa Bloomberg ranking bago bumaba sa puwesto si Pangulong Duterte at bakit po?

CABSEC NOGRALES: Dapat ang tingnan ng Bloomberg ay iyong economic growth ng bansa. Iyan po iyong pinaka-the best indicator na basis natin for resilience in any country. Kasi sa bottom line, ang titingnan mong bottom line diyan is the economic growth of any country.

USEC. IGNACIO: Opo. Thank you, CabSec. From MJ Blancaflor ng Daily Tribune: May we get Palace reaction daw po regarding sa recent SWS survey which found that 80% of respondents said they were willing to get their third vaccine doses against coronavirus. Does it show that the government is doing well in convincing more Filipinos or Pinoys to get vaccinated? With this figure, are restrictions on the unvaccinated still necessary?

CABSEC NOGRALES: Well, first of all, itong magandang indicators na ito are very good indicators to show na lahat, halos lahat ng mga Pilipino gustong magpabakuna at ito'y nangyari dahil sa pagtutulungan natin, tayo sa gobyerno, kayong nasa media, ang ating mga kababayan mismo na humikayat, hinikayat ang kanilang mga kamag-anak, ang kanilang kaibigan, ang kanilang barkada, ang kanilang komunidad na magpabakuna na. So ito ay bunga ng ating pagtutulungan, at sana nga po ay ipagpatuloy po natin ang pagsulong nito at sana nga po ay mas marami pa ang mag-fully vaccinate, mas marami pa ang magpa-booster dahil ito po ay para sa proteksyon ng lahat.

That being said, we still need to protect the unvaccinated po. So malaking bagay po ito na mas marami, mas malawak, at ipagpatuloy po nating hikayatin ang lahat na magpabakuna. But still, we need to protect the unvaccinated and convince the unvaccinated that the best protection is to get vaccinated.

USEC. IGNACIO: Opo. Thank you, CabSec. Ang susunod pong magtatanong ay si Triciah Terada ng CNN Philippines.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Hi! Good afternoon, Secretary Karlo, Usec. Rocky and Usec. Vergeire.

Sir, unahin ko lang po muna iyong doon sa Transparency International na ranking ng Pilipinas. We slid down two places from our rank last year. Sa corruption perception index, we only got a score of 33 out of 100, and 117th na ang Pilipinas out of 180 countries na tiningnan ng Transparency International. What does this say about the government's fight against corruption? Kasi, sir, since umupo raw po si President, sinabi din nila na bumaba rin iyong perception po doon sa freedom of association and freedom of expression kaya raw mas marami iyong hindi nakakapagsalita against corruption.

CABSEC NOGRALES: Well, we have created mechanisms para ang ating mga kababayan ay makapagsumbong, kung may mga nakikita silang pag-aabuso or 'di kaya korapsyon ay puwede silang tumawag sa hotline 8888. At makikita po natin sa datos ng accomplishment ng hotline 8888 ay agad naman tumutugon ang iba't ibang mga ahensiya after ma-receive ang call ay agad binabato sa ahensiya concerned at agad na nagkakaroon ng aksyon – number one.

Number two, kapag tiningnan mo naman iyong budget transparency po natin, we are one of the highest, if not the highest 'no, in certain regions. So even open budget transparency, mataas po tayo.

So there are clear indications that under the present administration ay we have become even more transparent and allowed people participation. So let these accomplishments and recognitions also speak for itself.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: But, sir, looking at that report from the Transparency International, they've been doing surveys. And based po doon sa grade ng Pilipinas na 33 out of a hundred and iyong patuloy na pagbaba, hindi umakyat this administration, isn't that, sir, a reflection that the administration failed in its fight against corruption?

CABSEC NOGRALES: No failure because of the certain indicators that show that we have … like the Open Budget Survey, mataas ang ranking natin doon 'no. So what you have to do na lamang is look at the … this particular indicator, dissect it into its elements and see kung ano iyong mga areas na we need to improve on. And for the remaining months that we have under the Duterte administration is put the mechanisms in place and fix what needs to be fixed and improved para ipagpatuloy na lamang siguro ito ng susunod na administration.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, balikan ko lang iyong doon sa new travel protocols. So to put it simply, the government is now lifting the travel ban, travel restrictions? Tama po ba iyong intindi namin?

CABSEC NOGRALES: What we did is no more Red, Yellow, Green classifications; common quarantine protocols na lamang for fully vaccinated and those that are not fully vaccinated. And then, beginning February 10, we will open it up now to the countries under EO 408.

Because again, remember, we were supposed to do this noong December 1 pa and then we suspended it. We announced it already as early as November. We're supposed to do it December 1, we suspended it. And then now, we are implementing it again beginning on February 10.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: So, sir, technically, lifted na po iyong travel ban but still with some restrictions, tama po?

CABSEC NOGRALES: Iyong 408, list ng countries na pinapayagan nating pumasok dito under several restrictions as provided under 408 'no – 21-day visa, not more than 30 days except for some exceptions; listed kung iyong anong countries doon; kailangan fully vaccinated ka, foreign national, before coming in; kailangan may visa ka na hindi mag-i-expire, valid siya at least six months; and then may return flight ka, so you are not going to stay in the Philippines more than what is provided for under the law; and then you follow our protocols; you follow our procedures; and you are, again, fully vaccinated.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: All right, sir. Sir, I heard the explanation of Usec. Vergeire kanina about it, but what gives the government confidence that this will actually work considering na may mga new mutations tayo? Did the government ever assess iyong compliance ng mga arriving tourists kapag sinabing magho-home quarantine sila? Because by simply asking around, sir, grabe iyong delay iyong pag-track sa mga passengers na dumarating dito sa bansa. In fact, iyong iba ay nakaalis na at tsaka lang sila kinukontak to check if nagku-comply sila doon sa home isolation.

CABSEC NOGRALES: Well, first of all, iyong pag-suspend natin ng country classifications – Red, Yellow and Green – is temporarily suspended unless we need to bring it back due to an emerging variant of concern. That has to be made very clear 'no. This is something that we will continue to monitor. But as of today and as of the moment, we are seeing it's widely Omicron and we are only accepting fully vaccinated. And we hope that we could ramp up even more of our kababayan… vaccination for more of our kababayans.

So ito ay pansamantala lamang unless we need to bring it back and that will only come kapag makita natin na mayroon na namang another emerging variant of concern. But sa nakikita nating datos, kung fully vaccinated ka and Omicron has now become the predominant variant, locally and even from ROFs, even from foreign nationals and marami sa ating mga kababayan ay fully vaccinated and we hope that this would also inspire more of our kababayans to get fully vaccinated, plus our tourism workers are fully vaccinated. So kung ganoon ang equation, then we felt that it's time to lift the suspension na dapat nagsimula noong December 1 pa ang pagpapapasok natin ng foreign nationals from countries that falls under EO 408.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, one last na lang. Kasi nabanggit po ng DOH na moderate risk na lang po iyong Metro Manila. Does this mean, napag-usapan po ba sa IATF iyong pag-ease ng Metro Manila back to Alert Level 2?

CABSEC. NOGRALES: Abangan natin sa weekend, mag-a-announce kami kung ano iyong alert level classification ng Metro Manila and other provinces and cities sa buong bansa.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, may separate meeting pa po for that or kasama na po siya sa pag-uusapan?

CABSEC. NOGRALES: No, no, may separate meeting and then we will announce over the weekend so that everybody will know by February 1. So, we will announce by the weekend so that by February 1 iyon na po iyong bagong Alert Level classifications ng up to February 15.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Alright. Thank you very much, Secretary Karlo.

CABSEC. NOGRALES: Thank you, Trish. Back to you, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Thank you, CabSec.

Tanong po ni Lei Alviz ng GMA News para po kay Usec. Vergeire: may guidelines na ba para sa paggamit daw po ng self-administered antigen test? Paano po ang tamang paggamit nito? Gaano kalayo ipinapasok ang pag-swab sa ilong? Similar question po with Sam Medenilla ng Business Mirror.

DOH USEC. VERGEIRE: Yes, Usec. Rocky and Lei, 'no.

So, pinirmahan na po ni Secretary iyong atin pong policy on the self-administered test kits. So, hintayin lang po nating ma-post at manumeruhan para maging official.

Ito pong self-administered test kits, katulad din po ng rapid antigen test kits, ginagamit po ito at the right time at right dapat ang proseso para hindi tayo nagkakamali para doon po sa resulta hindi maging false reading.

Ang mga self-administered test kits compared to the existing rapid antigen test, ang koleksiyon po ng specimen nito ay nasal. Ibig sabihin, dito lang po sa may bukana ng ilong ang pagkuha natin ng specimen. Kumpara doon sa rapid antigen test na mayroon ngayon sa merkado na

nasopharyngeal po iyong swab nanggagaling po, kaya kailangan may health care workers na nagga-guide sa atin.

So, these are nasal specimens na kukuhanin natin. Kapag nakuha na po natin at nagawa natin may kalakip po iyan na instructional material para sa inyo para maintindihan. Kapag ho ano man po ang inyong maging resulta kailangan ninyo pong makipag-coordinate sa inyong local government just to report that you have used the test especially when you are positive.

Kapag nag-positive po kayo, please isolate at once. Huwag na ho tayong magpapa-confirm pa ng RT-PCR. Kapag positibo sa antigen test, positibo po talaga kayo lalung-lalo na kung kayo ay may sintomas.

USEC. IGNACIO: Thank you, Usec. Vergeire. Tanong pa rin po ni Lei Alviz ng GMA News: Ano daw po ang trend ngayon ng COVID cases sa NCR at sa ibang bahagi ng bansa?

Ang follow-up question po ni Cathrine Gonzalez ng inquirer.net: Kung may updated data po ba kung ilan po sa COVID-19 iyong deaths ang vaccinated at ilan iyong unvaccinated?

DOH USEC. VERGEIRE: Yes po. So, unang-una, Usec Rocky, gusto ko lang pong i-correct iyong sarili ko sa pagkakasabi ko kanina. Iyon pong sa Region IV-A – it's Bulacan and Rizal at moderate risk as of this time, it's not Cavite and Laguna as I have previously mentioned.

NCR right now, we have 67% lower cases than the previous week last week. Ngayon po, ang average po ng National Capital Region is just at 4,398, seven-day moving average for their daily case. Kung ikukumpara po natin last week, ang atin pong average noon was about 13,298. So, malaki na po ang ibinababa.

Even in the NCR+ areas nakikita na po nating bumababa talaga ang kaso. Ang binabantayan po nating maigi ngayon ay Visayas at saka Mindanao kung saan nakakakita po tayo ng patuloy na pagtaas ng kaso. So, iyon po iyong ating estado ngayon ng mga kaso sa ating bansa.

And doon po sa isang tanong as to the vaccination status among deaths and among those vaccinated, sa ngayon po, among the hospitals 'no, doon po sa ginagawa nating survey ng ating mga ospital, 84% ang mga admitted sa ospital na partially vaccinated or unvaccinated at ninety-two point something percent naman po ang mga namamatay na hindi bakuna or partially vaccinated.

USEC. IGNACIO: Thank you, Usec. Vergeire.

Iyon pong tanong ni Joel Pelenio ng DWIZ for Usec. Vergeire ay nasagot ninyo na, kanina po kinorek ninyo na sa tanong po ni Mela Lesmoras iyon.

For Usec. Vergeire: Nakikita rin na ba natin na na magtutuluy-tuloy ang downtrend na ito lalo na't wala na pong gaanong major events na inaasahan maliban sa Chinese New Year? Tanong pa rin po iyan ni Joel Pelenio ng DWIZ.

DOH USEC. VERGEIRE: Well, iyan po ang ating hope. Iyan po ang ating ipinagdadasal na sana magtuluy-tuloy na pong bumaba ang mga kaso sa ating bansa. Tandaan po natin, hindi lang po mass gatherings ang nakakapag-contribute dito po sa pagtaas ng kaso sa ating bansa. Maaari rin po iyong mobility ng populasyon na kahit hindi tayo nagga-gather or nagka-crowding pero sa paglabas natin, dahil sa mabilis ng transmissibility ng Omicron, maaari na po tayong mahawa.

So, tuluy-tuloy pa rin po. Dapat lahat ng components ng minimum public health standards ipatupad natin para tuloy-tuloy na ring bumaba ang mga kaso, and also magpabakuna tayo.

So, with the trends that we are seeing right now like here in Metro Manila, it took us less than a month at naipababa na po natin ang mga kaso at nakita natin nag-self-regulate po ang ating mga kababayan. Hindi lumalabas, talagang nag-isolate sa bahay, at sana po makita rin natin ang ganito kabilis na pagbaba sa ibang rehiyon ng ating bansa.

USEC. IGNACIO: Opo. Thank you, Usec. Vergeire.

CabSec. Nograles, mayroon lang pong follow-up o clarifications si Mikhail Flores. Ang tanong po niya: Just to clarify with CabSec, is it accurate to say that February 16, unvaccinated foreign nationals will be banned from entering the country?

CABSEC. NOGRALES: Hindi po natin papayagan na pumasok beginning February 16 based on IATF Resolution No. 157. Sorry to say pero by February 16 'no, kapag hindi fully vaccinated ay hindi natin papapasukin.

Kung sa bagay, iyong under EO 408 kailangan din fully vaccinated. So, makikita po natin, we are really only allowing foreign nationals coming in na fully vaccinated. Kapag hindi fully vaccinated, hindi pupuwede. Pero absolutely sa 16, tama po iyon, wala nang foreign national na makakapasok dito na hindi fully vaccinated.

Usec. Rocky, I would also like to add iyong sa sagot ko kay Trish Terada ng CNN. I forgot to mention also one of the first things that President Rodrigo Roa Duterte did under his Administration was issue Executive Order Number 2 which institutionalizes in the Executive Branch, the people's constitutional right to information.

So, iyong right to information ang lagi ring pino-promote ng PCOO. Huwag natin kalimutan that that was one of the first acts of President Duterte – EO No. 2: Institutionalizing in the Executive Branch the right to information.

USEC. IGNACIO: Thank you, CabSec.

Tanong po ni Red Mendoza ng Manila Times: Sinabi po ng OCTA Research na walang problem sa Alert Level 2 sa NCR kung ang cases natin ay nasa low risk category or around 2,000 cases per day. Sa tingin po ng IATF at ng Department of Health ang desisyon na ilagay ang NCR sa Alert Level 2 ay isang good call na maituturing?

CABSEC. NOGRALES: Abangan na lang natin iyong IATF Resolution on that during the weekend po, hintayin na lang natin. We do not want to announce it kasi, we want to look at that latest numbers as close to February 1 as possible. Kaya hindi namin isinabay kahapon kasi mayroon pa namang Friday, today, so, we're just looking at the numbers again as close to Feb. 1 as possible.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong pa rin po ni Red Mendoza ng Manila Times: Reaksyon po sa recalled na committee report sa Kamara na nagrirekomenda na kasuhan sina Secretary Duque at dating FDA DG Eric Domingo dahil hindi umano sa hindi nito pag-file ng pag-apruba ng Ivermectin bilang gamot sa COVID-19. Hindi po ba ito ay isang precedent na ang Kongreso ay nakikialam sa mga eksperto na may alam sa paggagamot ng COVID-19 at itinutulak ang isang gamot na hindi naman aprubado?

CABSEC. NOGRALES: Ang pagkakaalam ko, Usec. Rocky that was recalled. So, ang ibig pong sabihin, hindi po in-adopt. Hindi siya in-adopt ng Kongreso kaya hindi iyan President's [unclear]. Recalled po iyan, hindi adopted.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong po ni Red Mendoza ng Manila Times po for Usec. Vergeire: Reaksiyon po ng DOH—bale nasagot ninyo na rin po ito, CabSec, about the exit plan. Baka lang daw may maidagdag doon sa tanong na nagsasabi na—basahin ko na po ha: Exit plan ng bansa laban sa pandemya at isipin na ang COVID pandemic ay isang endemic ngunit may isang kolumnista naman ng Manila Times na nagsabi na huwag daw gamitin ang salitang 'endemic' dahil kailangang i-recognize ng DOH na ang COVID-19 ay airborne sa kahit saang lugar at hindi lang sa closed settings.

CABSEC NOGRALES: Nakabigay na po ng presentasyon si Usec. Vergeire regarding sa good ventilation, that's number one. Number two po, 'yung treatment po natin dito sa COVID is based on science, evidence and based on recommendations ng ating mga health experts. So we adjust with the situation, the circumstances and the recommendations ng ating mga health experts knowing how the variants operate, ano 'yung characteristics ng mga variants na 'to. At again ang sinusulong po talaga natin dito ay fully, fully, fully vaccinated. Kailangan po talaga, we cannot overemphasize the need to get everybody fully vaccinated to protect ourselves against Omicron, against COVID, against all other present and future variants.

Kailangan po talaga nating lahat magpabakuna 'no. So iyan po ang laban, tuloy po ang laban against COVID-19. Tuloy ang laban against COVID-19 and the best protection and weapon against it is to get fully vaccinated and to get booster shots.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman mula kay Ivan Mayrina ng GMA News: CabSec, what does the Palace daw po have to say about the revelation of Commissioner Rowena Guanzon that there seems to be an attempt to purposely delay the release of the decision on the Marcos disqualification case so as to legate her vote to disqualify the former senator?

CABSEC NOGRALES: The Comelec is an independent constitutional body so we will respect the independence of the Comelec as an independent constitutional body.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong sunod pong tanong ay mula kay Maricel Halili ng TV-5, iyong first and second question po niya ay natanong na rin ng ating mga kasamahan so may mga pahabol na lang po na tanong na iyong ating mga kaibigan sa MPC.

Tanong po ni Prince Golez ng Abante Politiko: Secretary Nograles, kapag i-reveal na ng Pangulo ang kini-claim niyang most corrupt presidential aspirant in his future Talk to the People, do we also expect him to name the presidential bet he's supporting in the coming elections? May napupusuan na ba ang Pangulo na iendorso?

CABSEC NOGRALES: Abangan na lang po natin kung ano ang sasabihin ni Pangulo sa mga future Talk to the People niya.

USEC. IGNACIO: Opo. Mula pa rin po kay Celerina Monte: How are you going to reconcile daw po your statement regarding increased transparency under the current administration kung iyong SALN mismo ni Pangulong Duterte ay hindi mailabas sa publiko [garbled] to previous practice?

CABSEC NOGRALES: Well, it's between—mayroon na noong mga statement na sinabi 'di ba dati ang ating Ombudsman about it.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman po ni Sam Medenilla ng Business Mirror: Ano po ang magiging policy ng IATF for hotels which are being used as quarantine facility? Ia-allow na din po kaya sila to accept tourists?

CABSEC NOGRALES: That's really between the one-stop shop, BOQ, DOT, DOTr and those hotels operating as quarantine facilities 'no. So depende sa kanilang pag-uusapan with regard to the utilization of hotels as quarantine facilities. So abangan na lang po natin kung ano 'yung magiging epekto nitong bagong resolution with regard to that. But siyempre ma-anticipate natin na mas kukonti na ang gagamit ng mga quarantine facilities under these new protocols.

USEC. IGNACIO: Thank you Secretary Nograles, Usec. Vergeire and MPC. Salamat po.

CABSEC NOGRALES: Maraming, maraming salamat siyempre kay Usec. Vergeire and of course to you, Usec. Rocky at sa ating mga kaibigan sa Malacañang Press Corps.

Mga kababayan, habang patuloy na bumababa ang vaccine hesitancy ng mga Pilipino mula 33% noong May of 2021 to 8% na lamang sa pinakahuling tala, nakakalungkot na ang fake news tungkol sa COVID-19 vaccine ay dumarami at patuloy palaganap. Ang latest na kumakalat ay hindi na raw maaaring mag-donate ng dugo kapag babakunahan – pekeng balita po ito katulad ng sinabi na rin ni Usec. Vergeire.

Sinumang mabakunahan laban sa COVID-19 ay puwede pa ring mag-donate ng dugo kapag walang sintomas o labing-apat na araw pagkatapos gumaling sa virus. Inuulit po namin, makinig lamang po tayo sa mga eksperto o kumuha tayo ng pinakahuling datos at impormasyon mula sa lehitimong media at government channels or platforms.

From the beginning of this pandemic, we have appealed to the public to do their share to help prevent the spread of COVID and we are grateful that the Filipino people have responded to this call by wearing their masks correctly, washing their hands, maintaining social distance and observing proper ventilation, and above all, getting vaccinated.

Nakita po natin na bumababa na naman po ang bagong kaso. Huwag po tayong bumitaw at ituloy po natin ang mga hakbang na alam nating epektibo laban sa COVID. Patuloy po ninyong samahan ang inyong pamahalaan sa labang ito. Magtulungan po tayo.

Muli, maraming salamat po. Ingat po tayong lahat. May God protect us all and happy weekend po.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center